Retraksyon ni Rizal

PRO

Kurso / Taon / Pangkat:

BSA / 1st year / SBAC-1D

Mga Miyembro:

Pilapil, Pauline

Principe, Cedie

Quintos, Terrence John

Ramos, Feliciano Jr.

I. Panimula

Ang “Retraksyon ni Dr. Jose Rizal”, noong December 29, 1896, ay pinaniniwalaang nilagdaan mismo ng Pambansang bayani, nakasaad dito na: *“I declare myself a Catholic and in this religion in which I was born and educated I wish to live and die. I retract with all my heart whatever in my words, writings, publications, and conduct has been contrary to my character as a son of the Catholic Church.”*

Sa mga lumipas na panahon, ang pagiging tunay ng dokumentong ito ng Retraksyon ni Rizal ay lumikha ng samu’t-saring isyu, agam-agam at mga debate sa mga taong nais malaman ang katotohanan sa likod ng kontrobersiya. Subalit, ang kakulangan sa mga ebidensya at hindi tugmang salaysay ng mga taong kabilang dito ay nagbigay lamang ng komplikasyon at kawalan ng katiyakan na lalong nagpainit sa mga argumento.

“*I retract with all my heart whatever in my words, writings, publications and conduct have been contrary to my character as a son of the Catholic Church*.”, Ito ang naging panayam ni Rizal sa nasabing dokumento na kung saan ito ang naging basehan ng ibang eksperto na totoong binawi at nagbalik loob si Rizal sa Simbahang Katoliko. Bagama’t, may mga pahayag sa dokumento, at sa nasabing orihinal na kopya na natuklasan ni Fr. Manuel Garcia, isang archdiocesan archivist, noong taong 1935, ay isa

This study source was downloaded by 100000891927733 from CourseHero.com on 10-08-2024 04:02:46 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/100782475/Retraction-of-Rizal-PROdocx/

lamang daw produkto ng pamemeke o tinatawag na *forgery*. Sa Kabilang banda hindi alintana ang nasabing pahayag, at maraming tao pa rin ang naniniwala na tunay ang mga dokumento ng Retraksyon ni Rizal. Ilan sa mga nagpapatotoo dito ang labing-isang nakasaksi sa panahong sinulat ni Rizal ang kanyang retraksyon, paglagda sa Katolikong babasahin, pagbigkas ng panalangin at ang paghalik sa krus bago ang kanyang bitay. Fr. Marciano Guzman, ang apo sa tuhod ng Pambansang bayani, iminungkahi na si Rizal ay may apat na sertipiko ng pagtatapat, limang pangunahing saksi, at sampung taong kwalipikadong saksi, kasunod pa rito ang pitong dyaryong babasahin, at labindalawang mananalaysay at manunulat kabilang ang Aglipayan bishops, Masons, at Anti-clericals.

Hanggang sa panahon ngayon kontrobersyal pa rin ang nasabing isyu. Marami pa rin ang argumento at pagtatalo na nagaganap at may mga ilang ebidensya ang patuloy na lumalabas mula sa iba't ibang may akda na kung tunay ba ang Retraksyon ni Rizal o hindi. Ganunpaman hindi parin matutuldukan ang isyu hanggang sa hindi pa ito napapatunayan sa publiko.

II. Pangunahing Argumento

Kami ay naniniwala na si Rizal ay gumawa ng retraksiyon at nagbalik loob sa pagiging isang Katoliko dahil sa mga sumusunod:

1. Ang Dokumento ng Retraksyon
2. Ang mga testimonya ng mga pangunahing saksi
3. Ang *Acts of Faith, Hope and Charity*
4. Ang mga kilos na pang-relihiyoso ni Rizal sa kanyang mga huling sandali
5. Ang pag-iisang dibdib ni Jose Rizal at Josephine Bracken.

1. Ang Dokumento ng Retraksiyon na natuklasan noong 1935 ang isa sa mga pangunahing pagpapatunay sa naganap na retraksyon ni Rizal.


    - Magmula ng ito ay matuklasan, itinuturing na ito bilang pangunahing saksi at

This study source was downloaded by 100000891927733 from CourseHero.com on 10-08-2024 04:02:46 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/100782475/Retraction-of-Rizal-PROdocx/

ebidensya sa naganap na retraksiyon. Sa katunayan, nasasabi ng mga naniniwala rito na: "Ang kabigatan ng mga ebidensya ay nasa kamay na ng mga hindi naniniwala sa retraksiyon.”

- “Ang Dokumento ng Retraksyon”



Me declaro católico y como tal Religion en que nací y me eduqué quiero vivir y morir.

Me retracto de todo cuanto en mis palabras, escritos, impresos y conducta he habido contrario á mi calidad de hijo de la Iglesia Católica. Creo y profeso cuanto ella cree y me somato á cuanto ella manda. Abomino de la Masonería, como enemiga que es de la Iglesia, y como sociedad prohibida por la Iglesia. Ruego al Reverendo Diocesano, como Autoridad Eclesiástica hacer pública esta manifestación espontánea mia para reparar el escándalo que mis actos hayan podido causar y pido que Dios y los hombres me perdonen.

Manila 29 de Diciembre de 1890

José Rizal

El Gob. de Manila

El Secretario ad hoc

- Nahanap ni Padre Manuel Garcia noong Mayo 13, 1935 habang nagsasalansan ng mga dokumentong nakapaloob sa Masonerya.

2. Ang testimonya ng medya, ng mga pangunahing saksi, at ng iba pang mga kuwalipikadong saksi, o ang mga taong nauugnay sa nasabing retraksyon, tulad ng ulo ng mga Heswita, ang arsobispo, at iba pa.
    - Ayon sa “The Great Debate: The Rizal’s Retraction” ni Ricardo P. Garcia, mayroong dalawang mabibigat na testimonya ng mga pangunahing nakasaksi ukol sa mga naganap sa piitan ni Rizal mula umaga ng ika-29 ng Disyembre hanggang 6:30am noong ika-30: (1) Ang testimonya ni Fr. Vicente Balaguer na nagsasaad na nakaranas si Rizal ng pagkamulat, nag-kumpisal, dumalo ng misa, nag-komunyon, at nanalangin nang apat na beses; at (2) ang testimonya ng dating

This study source was downloaded by 100000891927733 from CourseHero.com on 10-08-2024 04:02:46 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/100782475/Retraction-of-Rizal-PROdocx/

Lieutenant of the Infantry, Mariano Martinez Gallego, na kinumpirma na si Rizal mismo ang lumagda sa dokumento ng retraksyon kasama ang mga pangunahing saksi na sina Juan del Fresno at Eloy Moure. Kalaunan ay kinumpirma rin ng dalawang nabanggit ang testimonya ni Gallegos.


3. *“Acts of Faith, Hope, and Charity”* na naiulat na binigkas ni Rizal maging ang paglagda niya sa aklat-dasalan na ito ay kabilang sa mga dokumentong nahanap ni Padre Garcia kasama ng Retraksyon.
    - Ito ay isa sa malalakas na mga testimonya, bilang si Rizal ay nagpapakita ng pagpayag sa katuruang katoliko, hindi man sa pangkalahatang paraan tulad ng sa kaso ng pahayag sa retraksyon ngunit partikular sa mga paniniwala na dati niyang tinanggihan. Ayon sa pagpapatotoo ni Padre Balaguer, kasunod ng paglagda ni Rizal sa retraksyon, isang aklat-dasalan ang inialok sa kanya. *"He took the prayer book, read slowly those acts, accepted them, took the pen and said 'Credo' (I believe) he signed the acts with his name in the book itself."*

4. Ang mga kilos ni Rizal ng kabanalan o pagiging relihiyoso noong kanyang mga huling sandali.
    - Pinatutunayan ng mga “saksi”
    - Ang salaysay ni Frederico Moreno, mula sa Cuerpo de Vigilancia tungkol sa huling araw ni Rizal. Bukod sa paglagda ni Rizal sa dokumento ng retraksyon, nabanggit din niya ang mga sumusunod: ang seremonya ng kasal ni Rizal kay Josephine Bracken, pagdalo nito sa misa, paghingi ng aklat-dasalan, ang pagluhod niya sa altar at pananalangin. Ang lahat ng ito ay maiuugnay sa pananampalatayang katoliko.

    - Ang Unang pahina ng salaysay ni Frederico Moreno.

This study source was downloaded by 100000891927733 from CourseHero.com on 10-08-2024 04:02:46 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/100782475/Retraction-of-Rizal-PROdocx/



Ilmmo Señor = El Agente del Cuerpo de Vigilancia, destacado en la Fonda de Santa Clara, informar lo ocurrido durante la permanencia en capilla del reo José Rizal, me dice con esta fecha lo que sigue = A las 7½ de la mañana de ayer, entró en la capilla José Rizal, al que acompañaba su defensor señor Daniel de Andrade y el P. Jesuita Vilaclara. A instancias de este y momento, después de entrar, se le sirvió un ligero desayuno. A las 9, próximamente, entró en la capilla el ayudante de Plaza señor Moure, quien preguntó a Rizal si deseaba algo; este dijo, que por el momento solo quería un devocionario, que le fué facilitado por el P. Mateo, al poco rato. Salió a dar lo de la Capilla el Sr Andrade y Rizal conversó mucho rato con los P.P. Jesuitas Mateo y Vilaclara, según parece, sobre asuntos de religión. Parece ser que estos le presentaron, escrita ya, una retractación de su vida y hechos, que se negó á firmar el reo, discutiendo sobre este tema, hasta las 12½ de la mañana, en que Rizal tomó unos huevos mal cocidos y un poco de pollo. Después pidió recado de escribir, y solo estuvo escribiendo largo rato. A las 3 de la tarde se-

- Nakuha mula sa Cuerpo de Vigilancia
- Binili ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining noong 1996 mula kay Enrique Montero

5. Ang kanilang pag-iisang dibdib ni Josephine Bracken sa harap ng Simbahang Katoliko na pinatunayan ng mga nakasaksi. Hindi pinapayagan na magkaroon ng kasalan kung hindi nagbabalik-loob si Rizal sa Simbahang Katoliko.
    - Bilang si Rizal ay miyembro ng mga mason, Hindi sila maaring maikasal ni Josephine Bracken sa simbahan. Kaya sa huling pagkakataon ay nagtagpo ang dalawa sa silid-piitan ni Rizal sa Fort Santiago noong ika-30 ng Disyembre 1896. Sa araw rin na ‘yon ay ikinasal sila ni Fr. Victor Balaguer sa Katoliko, dalawang oras bago ang nakatakdang pagpataw kay Rizal ng kamatayan sa Bagumbayan.

III. Konklusyon

Bilang panapos binawi man ni Rizal o hindi ang kanyang mga isinulat tungkol sa

This study source was downloaded by 100000891927733 from CourseHero.com on 10-08-2024 04:02:46 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/100782475/Retraction-of-Rizal-PROdocx/

Simbahang Katoliko, naniniwala kami na ang dokumento ng retraksyon ni Rizal ay simbolo lamang sa kanyang lakas ng loob na tanggapin ang kanyang mga pagkakamali. May katotohanan man ang retraksyon at pagbabalik loob ni Rizal sa Simbahang Katoliko, hindi nito mababawasan ang kanyang kahalagahan bilang ating pambansang bayani. Sa dokumentaryong “Ang Bayaning Third World” Sinabi ni Joel Torre, na siyang gumanap bilang Jose Rizal, na totoo man o hindi ang retraksyon ni Rizal, hindi nito maitatanggi ang kanyang mga nagawa para sa bayan at ang mga nakamit ng kanyang mga nailathala. Dagdag pa, sinabi ni Senator Jose Diokno na, *“Surely whether Rizal died as a Catholic or an apostate adds or detracts nothing from his greatness as a Filipino… Catholic or Mason, Rizal is still Rizal - the hero who courted death to prove to those who deny our patriotism that we know how to die for our duty and our beliefs.”* Anuman ang paniniwala ni Rizal, nananatili pa rin siya bilang ang ating Pambansang Bayani, at malaki pa rin ang kanyang kontribusyon sa kalayaan na tinatamasa natin hanggang sa kasalukuyan.

This study source was downloaded by 100000891927733 from CourseHero.com on 10-08-2024 04:02:46 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/100782475/Retraction-of-Rizal-PROdocx/

IV. Mga Sanggunian

- Mga Pangunahing Sanggunian

http://images.gmanews.tv/webpics/2016/12/Ang_Unang_Pahina_ng_Report_ni_Federico_Moreno_(Cuerpo_de_Vigilancia,_NCCA)_2016_12_29_17_16_46.jpg?fbclid=IwAR0zXMle1f0Kect45YzrKDyBbsk5pXLGaHFJa0FF5sOayAaqbuDY1IDHIi8

- Mga Sekundaryang Sanggunian

Aparre, M. (2018, February 19). *The Controversy of Philippines National Hero (Dr. Jose Rizal) - The Story*. Steemit. Retrieved from https://steemit.com/literaturang-filipino/@markaparre/the-controversy-of-philippines-national-hero-dr-jose-rizal-the-story

Dr. Eugene A. Hessel. Rizal's Retraction: *A Note on the Debate.* http://joserizal.nhcp.gov.ph/Reflections/Retraction.htm

Paraiso, B. A. C. (2015, September 6). *Did Rizal consider Retracting while in Dapitan?* National Historical Commission of the Philippines. Retrieved from https://nhcp.gov.ph/did-rizal-consider-retracting-while-in-dapitan/

Rizal - Retraction Controversy.docx. pdfslide.net. (n.d.). Retrieved from https://pdfslide.net/documents/rizal-retraction-controversydocx.html

Schumacher, J. (1965). *The Religious Thought of Rizal*. Philippine Studies, 13(3), 707-721. Retrieved June 7, 2021,Retrieved from http://www.jstor.org/stable/42720050

Uckung, P. J. V. (2015, September 6). *The Rizal Retraction and other cases*. National Historical Commission of the Philippines. Retrieved from https://nhcp.gov.ph/the-rizal-retraction-and-other-cases/

This study source was downloaded by 100000891927733 from CourseHero.com on 10-08-2024 04:02:46 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/100782475/Retraction-of-Rizal-PROdocx/

This study source was downloaded by 100000891927733 from CourseHero.com on 10-08-2024 04:02:46 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/100782475/Retraction-of-Rizal-PROdocx/